
# Nakalaan upang Tumulong na Tipunin ang Israel sa pamamagitan ng Gawain sa Templo at Family History

1. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 138:57–59, at alamin kung paano tinubos ang mga nasa daigdig ng mga espiritu.

2. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan. Alamin kung ano ang nadarama ng Tagapagligtas tungkol sa mga nakikibahagi sa gawain sa templo at family history.



Isipin ninyo ang Tagapagligtas kapag nakita ninyo Siya. Iinterbyuhin Niya kayo. Binayaran niya ang halaga ng inyong mga kasalanan at ng lahat ng espiritung anak ng Ama sa Langit. Siya si Jehova. Isinugo niya si Elijah. Ipinagkaloob niya ang mga kapangyarihan ng priesthood na magbuklod at magbigay-pala dahil sa Kanyang dalisay na pagmamahal. At pinagkatiwalaan Niya kayo nang iparinig sa inyo ang ebanghelyo sa buhay na ito, binibigyan kayo ng pagkakataong ibigay ito sa inyong mga ninunong hindi nagkaroon ng walang-kasinghalagang pagkakataong mayroon kayo. Isipin ninyo ang malaking pasasalamat Niya para sa mga nagsakripisyong gawin nang may pananampalataya ang paghahanap ng mga pangalan ng kanilang mga ninuno at sapat na nagmamahal sa kanila at sa Kanya, para mabigyan sila ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos. Binigyan Niya sila ng huling hain [o sakripisyo]. Mamahalin at pahahalagahan Niya ang mga nagsakripisyo para bigyan ng pagkakataon ang kanilang mga ninuno na piliin ang iniaalok Niyang buhay na walang hanggan. (Henry B. Eyring, "Pusong Magkakabigkis," *Liahona*, Mayo 2005, 78–79)

3. Sa iyong palagay, paano makatutulong sa iyo ang pakikibahagi sa gawain sa family history at templo na tularan ang halimbawa ni Jesucristo?

4. Mayroon bang personal na karanasan, banal na kasulatan, o pahayag ng isang lider ng Simbahan na nais mong ibahagi?

# Nakalaan upang Tumulong na Tipunin ang Israel sa pamamagitan ng Gawain sa Templo at Family History

1. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 138:57–59, at alamin kung paano tinubos ang mga nasa daigdig ng mga espiritu.

2. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan. Alamin kung ano ang nadarama ng Tagapagligtas tungkol sa mga nakikibahagi sa gawain sa templo at family history.



Isipin ninyo ang Tagapagligtas kapag nakita ninyo Siya. Iinterbyuhin Niya kayo. Binayaran niya ang halaga ng inyong mga kasalanan at ng lahat ng espiritung anak ng Ama sa Langit. Siya si Jehova. Isinugo niya si Elijah. Ipinagkaloob niya ang mga kapangyarihan ng priesthood na magbuklod at magbigay-pala dahil sa Kanyang dalisay na pagmamahal. At pinagkatiwalaan Niya kayo nang iparinig sa inyo ang ebanghelyo sa buhay na ito, binibigyan kayo ng pagkakataong ibigay ito sa inyong mga ninunong hindi nagkaroon ng walang-kasinghalagang pagkakataong mayroon kayo. Isipin ninyo ang malaking pasasalamat Niya para sa mga nagsakripisyong gawin nang may pananampalataya ang paghahanap ng mga pangalan ng kanilang mga ninuno at sapat na nagmamahal sa kanila at sa Kanya, para mabigyan sila ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos. Binigyan Niya sila ng huling hain [o sakripisyo]. Mamahalin at pahahalagahan Niya ang mga nagsakripisyo para bigyan ng pagkakataon ang kanilang mga ninuno na piliin ang iniaalok Niyang buhay na walang hanggan. (Henry B. Eyring, "Pusong Magkakabigkis," *Liahona*, Mayo 2005, 78–79)

3. Sa iyong palagay, paano makatutulong sa iyo ang pakikibahagi sa gawain sa family history at templo na tularan ang halimbawa ni Jesucristo?

4. Mayroon bang personal na karanasan, banal na kasulatan, o pahayag ng isang lider ng Simbahan na nais mong ibahagi?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_483-1